

# Checklist ng aplikasyon sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho.

Maaari ka ring maging kwalipikado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho kung hindi ka makapagtrabaho dahil sa COVID-19.

## Kasama sa ilang sitwasyon ang:

- Pansamantalang sinara ng iyong employer ang negosyo upang sumunod sa mga panuntunan ng estado.
- Pansamantala kang tinanggal sa trabaho o binawasan ang oras mo dahil sa paghina ng negosyo o kawalan ng demand.

Para sa higit pa sa mga partikular na sitwasyong may kaugnayan sa COVID-19 na maaaring makaapekto sa iyong kwalipikasyon para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, mangyaring bumisita sa [esd.wa.gov/newsroom/covid-19](https://esd.wa.gov/newsroom/covid-19).

## Mga batayang pamantayan sa kwalipikasyon para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho:

- Dapat ay nakapagtrabaho ka nang hindi bababa sa 680 oras sa iyong basehang taon, at dapat ay nagmula ang kahit kaunti sa iyong mga suweldo sa estado ng Washington.
- Ang iyong basehang taon ay ang unang apat sa huling limang lumipas na mga quarter sa kalendaryo bago ang linggo kung kailan mo ihinain ang iyong claim.

## Halimbawa:

- Kung ihinain mo ang iyong claim noong Marso 2020, ang iyong basehang taon ay Oktubre 1, 2018 hanggang September 30, 2019.
- Kung ihinain mo ang iyong claim sa Abril, Mayo o Hunyo 2020, ang iyong basehang taon ay Enero 1, 2019 hanggang Disyembre 31, 2019.

Alamin ang higit pa tungkol sa mga pamantayan sa kwalipikasyon para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho sa [esd.wa.gov/unemployment/basic-eligibility-requirements](https://esd.wa.gov/unemployment/basic-eligibility-requirements).



Ang Employment Security Department ay isang employer/programa na may pantay na oportunidad. Available ang mga karagdagang tulong at serbisyo sa mga indibidwal na may mga kapansanan kung hihilingin. Available ang mga serbisyo ng tulong sa wika para sa mga indibidwal na may limitadong kasanayan sa Ingles nang walang bayad. Serbisyo sa Paghahatid ng Washington (Washington Relay Service): 711

Kung sa palagay mo ay kwalipikado ka, gamitin ang checklist na ito, tipunin ang iyong impormasyon at maghandang mag-apply.

## Bago ka mag-apply:

Tipunin ang impormasyong kakailanganin mo para kumpletuhin ang aplikasyon:

- Ang iyong pangalan, numero ng Social Security, petsa ng kapanganakan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan.
- Ang iyong kumpletong kasaysayan ng trabaho para sa nakaraang 18 buwan kabilang ang:
  - (mga) pangalan ng employer
  - (mga) address
  - (mga) numero ng telepono
  - petsa ng simula at pagtatapos ng trabaho para sa bawat employer
- Ang iyong account sa bangko at routing number, kung gusto mong mag-sign up para sa direktang deposito.

Kung ikaw ay karaniwang nakakakuha ng trabaho sa pamamagitan ng isang unyon, may higit sa 16 na employer sa iyong basehang taon, o nasa militar sa huling nakaraang 18 buwan, maaaring kailangan mong magbigay ng karagdagang impormasyon. Alamin ang higit pa sa [esd.wa.gov/unemployment/have-this-information-ready](https://esd.wa.gov/unemployment/have-this-information-ready).

## Paano mag-apply:

Maaari kang mag-apply online o sa pamamagitan ng telepono. Gayunman, maraming tumatawag sa ngayon kaya magiging mas mabilis kung mag-a-apply online.

Ang pag-set up ng isang account para mag-apply ay pinakamainam gawin sa isang laptop o desktop na computer; Maaari kang gumamit ng telepono o tablet, pero ang serbisyo ng ito ay hindi pinakamainam na gumagana sa mobile at maaring mahirap mag-navigate.

Tulad ng karamihan sa mga ahensiya ng estado ng Washington, gumagamit ang Departamento ng Seguridad sa Trabaho (Employment Security Department) ng SecureAccess Washington (SAW) para pamahalaan ang access sa mga account ng customer. Kung wala ka pang account sa SAW, kailangan mong gumawa ng isa. Kung gagawa ka, maaari mong gamitin ang parehong username at password na iyon sa eServices.

- Magsimula sa pamamagitan ng pagpunta sa [secure.esd.wa.gov/home](https://secure.esd.wa.gov/home).
  - Para sa higit pang tulong, gamitin ang mga tagubilin sa Gabay sa User ng eServices (eServices User Guide) na naka-post sa aming website sa ilalim ng Hakbang 2 (Step 2) sa [esd.wa.gov/unemployment](https://esd.wa.gov/unemployment).